Republic of the Philippines
**Department of Education**
Cordillera Administrative Region
**Schools Division of Tabuk City**

SDO TABUK CITY
RELEASED
Date: 08/19/2024
By: MG
RECORDS UNIT

**Office of the Schools Division Superintendent**

Agosto 19, 2024

Memorandum Pangsangay
Blg. 308 s. 2024

**PANGWAKAS NA PAGDIRIWANG SA BUWAN NG WIKA 2024**

Sa mga: Hepe ng CID at SGOD
Tagamasid Pampurok
Kawani ng SDO
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan
Lahat ng mga Kinauukulan

1. Idaraos ng Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Tabuk City ang Pangwakas na Gawain para sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika na may temang **"Filipino: Wikang Mapagpalaya"**, alinsunod sa Panrehiyonal na Memorandum Blg. 509 s. 2024, Memorandum Pangsangay Blg. 288, s. 2024 at Pampanguluhang Proklamasyon Blg 1041 s. 1997, sa pamamagitan ng isang palatuntunan na gaganapin sa SDO Gym sa Agosto 30, 2024, ganap na Ika- 8:00 NU.

2. Layunin ng palatuntunan na:
   a. mapagbuklod ang mga kawani sa pagbibigay halaga sa Wikang Pambansa
   b. bigyang saysay ang mga kaganapan sa buong buwan at
   c. kilalanin ang kahusayan ng mga kalahok na mapapabilang sa una hanggang pangatlong pwesto mula sa iba't ibang distrito sa iba't ibang patimpalak na nakasaad sa kalakip na mga pahina

3. Ang mga kalahok sa pagdiriwang ay ang mga kawani ng SDO at mga kinatawan ng mga pinuno ng paaralan na pipiliin ng mga tagapagmasid pampurok sa Agosto 27, 2024.

4. Upang lalong maramdaman ang diwa ng palatuntunan, ang mga kalahok ay hinihikayat na dumalo suot ang kanilang Filipiñana o Barong.

5. Ipinapa-alala rin sa mga Tagapagmasid Pampurok ang tungkol sa pagdiriwang sa buwan ng wika para sa lagumang ulat ng sangay na hinihiling ng rehiyon sa pagtatapos ng buwan. Para sa dagliang pagsasagawa nito, ang *link* na ito o ang *QR code* ay maaaring ibahagi sa mga pinuno ng mga paaralan para sa kanilang pag-uulat hanggang Set. 3, 2024.

**Address: BCS Compound, Purok 2 Bulanao Norte, Tabuk City**
**Email: tabuk.city@dep-ed.gov.ph**
**Website:http://wwwdepedtabukcity.com**

6. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Kurikulum at Implementasyon sa CP# 09556705987 Ramonchito A. Soriano, Hepe-CID, o CP#09156185054 Doddie Marie L. Duclan, EPS-Filipino.

7. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**BENEDICTA B. GAMATERO PhD CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

CID/DMLD/PANGWAKAS NA PAGDIRIWANG SA BUWAN NG WIKA 2024
08/19/2024

Lakip Blg. 1 ng Memorandum Pansangay Blg ____ s. 2024

## MGA MEKANIKS NG PANDIBISYONNG PATIMPALAK SA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA

1. Lahat ng distrito ay malayang magsumite ng isang entry sa bawat kategorya ng patimpalak na nakalahad sa sumusunod sa o bago Agosto 27, 12:00 ng tanghali sa pamamagitan ng link na ito : ***https://forms.office.com/r/ZV8nGdHHzn*** o QR code na ito.

2. Ang mga Tagapagmasid pampurok ay hinihiling na magkaroon ng kani-kanilang pagpili ng entry o lahok bago ang nabanggit na araw.

3. Narito ang mga bukas na kategorya ng patimpalak pandibisyon bilang pagbibigay-halaga sa mga aktibidad na iniraos ng mga paaralan alinsunod sa Memorandum Pangsangay Blg. 288, s. 2024

A. Elementarya (Baitang 4-6) : Online na Pagbasa ng Kuwentong Pambata (hinggil sa kahalagahan ng maka-agham na pananliksik)

B. Sekondarya (Baitang 7-10): Online na Pagbabasa ng Kuwentong Pambata (hinggil sa kahalagahan ng maka-agham na pananliksik)

-Tema :Sistimatiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran
-Kasuotan: Filipiniana o barong/ Uniporme
Resolusyon ng bidyo: di bababa sa 1080 (1920x1080 pixels)
-haba ng bidyo: di bababa sa tatlo (3) ngunit di lalampas sa limang (5) minuto

**Rubriks sa Online na Pagbasa ng Kuwentong Pambata**

| PAMANTAYAN | 1 | 2 | 3 | 4 |
|---|---|---|---|---|
| Interpretasyon (40%) | Di napapalutang ang diwa at di nagbibigay diin sa damdamin | Hirap ang pagpapalutang sa diwa at pagbibigay diin sa damdamin | mahusay ang pagpapalutang sa diwa at pagbibigay diin sa damdamin | Napakahusay ang pagpapalutang sa diwa at pagbibigay diin sa damdamin |
| Pagbibigay buhay sa tauhan (20 %) | Di nabibigyan ng buhay ang mga tauhan sa kuwento | Hirap sa pagbibigay- buhay sa mga tauhan sa kwento | Mahusay ang pagbibigay-buhay sa mga tauhan sa kwento | Napakahusay ang pagbibigay- buhay sa mga tauhan sa kwento |
| PAMANTAYAN | 1 | 2 | 3 | 4 |
| Bigkas- 30% | Di maliwanag at walang pagbubukod-bukod ng mga salita; mali ang diin at intonasyon | Marami ang di maliwanag at may mga mali sa pagkabukod-bukod ng mga salita; may maramin g maling diin at intonasyon | Matatas at maliwanag; may pagbubukod-bukod ng mga salita, at may wastong diin at intonasyon | Napakatatas at napakaliwanag ng pagkabigkas; may pagbubukod-bukod ng mga salita, at may wastong diin at intonasyon |
| Pangkalahatang Epekto (Overall Impact) - 10% | Mahinang epekto sa manonood, hindi nakaka-engganyo. | Katamtamang epekto sa manonood, hindi masyadong nakakaantig. | Magandang epekto sa manonood ngunit may ilang bahagi na hindi nakaka-engganyo. | Napakahusay na epekto sa manonood, nakaka-engganyo at nakakaantig. |

C. Sekondarya (Baitang 11-12): Paggawa ng maikling Komentaryo/blog/vlog na tumatalakay sa kahalagahan ng mga katutubong wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa

-bilang ng mga kasapi sa paggawa na direktang nakikipag-usap sa mga manonood: Isa hanggang tatlong (1-3) mag-aaral
-haba ng vlog: dalawa (2) hanggang tatlong (3) minuto

**Rubriks sa Paggawa ng Maikling Komentaryo/Blog/Vlog**

| PAMANTAYAN | 1 | 2 | 3 | 4 |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman /Kaangkupan sa paksa (40%) | Maraming maling impormasyon at hindi nauugnay sa tema. | May ilang maling impormasyon at hindi ganap na nauugnay sa tema. | May tamang impormasyon ngunit kulang sa detalye. | Kumpleto at detalyadong impormasyon na may kaugnayan sa tema ng Buwan ng Wika |
| Pagkamalikhain (Creativity) - 30% | Kulang sa pagkamalikhain at simpleng presentasyon. | May ilang malikhaing bahagi ngunit karamihan ay simple. | Malikhaing presentasyon ngunit kulang sa iba't ibang effects. | Napaka-malikhaing presentasyon na gumagamit ng iba't ibang visual at audio effects. |
| Orihinalidad-20% | Masyado nang gasgas at karaniwan ang konsepto ng vlog | May kaunting pagkatulad sa mga karaniwang konsepto ng iba pang vlog | Mahusay dahil hindi masyadong karaniwan o madalas mangyari ang konsepto ng vlog | Ang vlog ay naaayon sa makabago at natatanging paksa. May bagong ambag at hindi gasgas ang konsepto |
| Pangkalahatang Epekto (Overall Impact) - 10% | Mahinang epekto sa manonood, hindi nakaka-engganyo. | Katamtamang epekto sa manonood, hindi masyadong nakakaantig. | Magandang epekto sa manonood ngunit may ilang bahagi na hindi nakaka-engganyo. | Napakahusay na epekto sa manonood, nakaka-engganyo at nakakaantig. |

Address: BCS Compound, Purok 2 Bulanao Norte, Tabuk City
Email: tabuk.city@dep-ed.gov.ph
Website:http://wwwdepedtabukcity.com